


# Edukasyon sa Pagpapakatao

## Unang Markahan – Modyul 2: Sektor ng Lipunan: Salamin ng Pagkatao at Kabutihan



**Edukasyon sa Pagpapakatao – Ikasiyam na Baitang  
Alternative Delivery Mode**

**Unang Markahan – Modyul 2: Sektor ng Lipunan: Salamin ng Pagkatao at Kabutihan  
Unang Edisyon, 2020**

Isinasaad sa Batas Republika 8293, Seksiyon 176 na: Hindi maaaring magkaroon ng karapatang-sipi sa anomang akda ang Pamahalaan ng Pilipinas. Gayonpaman, kailangan muna ang pahintulot ng ahensiya o tanggapan ng pamahalaan na naghanda ng akda kung ito ay pagkakakitaan. Kabilang sa mga maaaring gawin ng nasabing ahensiya o tanggapan ay ang pagtakda ng kaukulang bayad.

Ang mga akda (kuwento, seleksiyon, tula, awit, larawan, ngalan ng produkto o brand name, tatak o trademark, palabas sa telebisyon, pelikula, atbp.) na ginamit sa modyul na ito ay nagtataglay ng karapatang-ari ng mga iyon. Pinagsumikapang matunton ang mga ito upang makuha ang pahintulot sa paggamit ng materyales. Hindi inaangkin ng mga tagapaglathala at mga may-akda ang karapatang-aring iyon. Ang anomang gamit maliban sa modyul na ito ay kinakailangan ng pahintulot mula sa mga orihinal na may-akda ng mga ito.

Walang anomang parte ng materyales na ito ang maaaring kopyahin o ilimbag sa anomang paraan nang walang pahintulot sa Kagawaran.

Inilathala ng Kagawaran ng Edukasyon

Kalihim: Leonor Magtolis Briones

Pangalawang Kalihim: Diosdado M. San Antonio

**Bumuo sa Pagsusulat ng Modyul**

**Manunulat:** Glorelly V. Caparida, Luzviminda S. Cadungon

**Editor:** Josephine V. Abedin, Leonel Rechie P. Cahanap, Filma B. Catalan

**Tagasuri:** Lotta G. Ferraris, Mona Lisa M. Babiera, Charie S. Bato,

**Tagaguhit:** Leonel Rechie P. Cahanap, Venice Jocefel S. Cahanap

**Tagalapat:** Leonel Rechie P. Cahanap, Liezel R. Capitanea

**Tagapamahala:** Isabelita M. Borres

Eugenio B. Penales

Sonia D. Gonzales

Jeanelyn A. Aleman

Evelyn F. Importante

Rose Marie E. Diocares

**Inilimbag sa Pilipinas ng \_\_\_\_\_**

**Department of Education – Region IX**

Office Address: Regional Center, Balintawak, Pagadian City

E-mail Address: [region9@deped.gov.ph](mailto:region9@deped.gov.ph)

# **Edukasyon sa Pagpapakatao**

**Unang Markahan – Modyul 2:  
Sektor ng Lipunan: Salamin  
ng Pagkatao at Kabutihan**

## **Paunang Salita**

Ang Self-Learning Module o SLM na ito ay maingat na inihanda para sa ating mag-aaral sa kanilang pag-aaral sa tahanan. Binubuo ito ng iba't ibang bahagi na gagabay sa kanila upang maunawaan ang bawat aralin at malinang ang mga kasanayang itinakda ng kurikulum.

Ang modyul na ito ay may inilaang Gabay sa Guro/Tagapagdaloy na naglalaman ng mga paalala, pantulong o estratehiyang magagamit ng mga magulang o kung sinumang gagabay at tutulong sa pag-aaral ng mga mag-aaral sa kani-kanilang tahanan.

Ito ay may kalakip na paunang pagsusulit upang masukat ang nalalaman ng mag-aaral na may kinalaman sa ihihandang aralin. Ito ang magsasabi kung kailangan niya ng ibayong tulong mula sa tagapagdaloy o sa guro. Mayroon ding pagsusulit sa bawat pagtatapos ng aralin upang masukat naman ang natutuhan. May susi ng pagwawasto upang Makita kung tama o mali ang mga sagot sa bawat Gawain at pagsusulit. Inaasahan naming na magiging matapat ang bawat isa sa paggamit nito.

Pinapaalalahanan din ang mga mag-aaral na ingatan ang SLM na ito upang magamit pa ng ibang mangangailangan. Huwag susulatan o mamarkahan ang anumang bahagi ng modyul. Gumamit lamang ng hiwalay na papel sa pagsagot sa mga pagsasanay.

Hinihikayat ang mga mag-aaral na makipag-ugnayan agad sa kanilang guro kung sila ay makararanas ng suliranin sap ag-unawa sa mga aralin at paggamit ng SLM na ito.

Sa pamamagitan ng modyul na ito at sa tulong ng ating mga tagapagdaloy, umaasa kani na matututo ang ating mag-aaral kahit wala sila sa paaralan.



## **Alamin**

Ang modyul na ito ay dinesenyo at sinulat para sa iyo. Ito ay ginawa upang mapahusay ang iyong kaalaman at kakayahan at upang matulungan kang maging bihasa sa **Layunin ng Lipunan: Kabutihang Panlahat (1.2 Nakapagsusuri ng mga halimbawa ng pagsasaalang-alang sa kabutihang panlahat sa pamilya, paaralan, pamayanan o lipunan).**

Nakapaloob sa modyul na ito ang mga sumusunod:

- A. Pagkakaiba ng Lipunan sa Komunidad
- B. Iba't ibang Sektor o Institusyong Panlipunan na Nakaaapekto sa Paghubog ng Pagkatao ng Tao
- C. Mga Halimbawa ng Pagsasaalang-alang sa Kabutihang Panlahat sa Pamilya, Paaralan, Pamayanan o Lipunan

Inaasahang maipamamalas mo ang sumusunod na kaalaman, kakayahan, at pag-unawa:

- A. natutukoy ang iba't ibang sektor o institusyong panlipunan;
- B. nakapagsusuri ng mga halimbawa ng pagsasaalang-alang sa kabutihang panlahat sa pamilya, paaralan, pamayanan o lipunan; at
- C. nakapagsasagawa ng survey tungkol sa mga suliraning kinakaharap ng komunidad o pamayanan.



## **Subukin**

PANUTO: Basahing mabuti ang bawat pangungusap at unawain ang mga tanong. Piliin ang pinakaangkop na sagot at isulat ang titik nito sa sagutang papel.

1. Alin ang **HINDI** kabilang sa mga hadlang sa pagkamit ng kabutihang panlahat?
  - a. paggawa ng tao ayon sa kaniyang pansariling hangad
  - b. pagkakaroon ng pakiramdam na mas malaki ang naiaambag ng sarili kaysa sa nagagawa ng iba
  - c. pakikinabang sa benepisyong hatid ng kabutihang panlahat subalit pagtangi sa pagbabahagi para sa pagkamit nito

pagkakait ng tulong para sa kapwa na nangangailangan

2. Ano ang pagkakaiba ng lipunan sa komunidad?
  - a. Sa lipunan, ang nangingibabaw ay ang iisang tunguhin o layunin samantalang sa komunidad ang mahalaga ay ang pagkakabukod- tangi ng mga kabilang nito.
  - b. Sa lipunan, ang pangkat ng mga tao ay may nagkakaisang interes, mithiin at pagpapahalaga samantalang sa komunidad, ang namumuno ang nagbibigay ng direksiyon sa mga taong kasapi nito.
  - c. Sa lipunan, ang namumuno ay inatasan ng mga mamamayan na kamtin ang mithiin ng mga kasapi nito samantalang sa komunidad, ang mga tao ang nararapat na manaig sa pagkamit ng kanilang mga mithiin.
  - d. Sa lipunan, mas malaking pamahalaan ang nakasasakop samantalang sa komunidad ay mas maliit na pamahalaan.
3. Paano nakaaapekto sa buhay ng tao ang lipunang kanyang kinabibilangan?
  - a. Ang lipunan ay nakatutulong sa pagbubuo ng pagkatao.
  - b. Ang tao ay hinuhubog ayon sa lipunang kaniyang kinabibilangan.
  - c. Ang tao kailanman ay hindi naaapektuhan ng lipunan.
  - d. Ang lipunan ay walang kontribusyon sa paghubog ng pagkatao.
4. Alin ang HINDI nagpapakita ng halimbawa ng kabutihang panlahat?
 

a. Pakikipagkapwa-tao	b. Pagbibigayan
c. Panghuhusga	d. Paggalang
5. 

Ang bawat sektor ng lipunan ay nakaaapekto sa paghubog ng isang tao.

Aling sektor ang nakaaapekto sa kaalaman ng tao?

a. Pamahalaan	b. Simbahan
c. Paaralan	d. Ekonomiya
6. Sa tahanan natin unang natutunan ang tamang asal at pag-uugali. Alin ang nagpapakita ng tamang kabutihang panlahat sa tahanan at pamilya?
  - a. Pagpalo at pagpaparusa sa anak upang matuto sa pagkakamali.
  - b. Pagtanim ng sama ng loob sa magulang dahil napagalitan.
  - c. Pagsunod sa utos at payo ng mga magulang na may paggalang.
  - d. Pagsunod sa mga ipinag-uutos habang nagdadabog at nagmamaktol.

7. Si Gwen ay mahilig mag-*post* sa *social media* sa tuwing siya ay nagbibigay donasyon sa mga mahihirap na mga kababayan para maipagmalaki na siya ay mayaman at maipakita na siya ay tumutulong sa mga mahihirap.

Sang ayon ka ba sa ginawa ni Gwen?

- a. Oo, dahil may karapatan si Gwen na ipakita sa buong mundo ang kaniyang ginagawang pagtulong.
  - b. Oo, upang magkaroon ng malaking utang na loob ang mga tao sa kaniya.
  - c. Hindi, dahil ang pagtulong sa kapwa ay dapat bukal sa puso at hindi pagpapakitang tao lamang.
  - d. Hindi, dahil pagpapasikat lamang ang kaniyang mga ginagawang pagtulong.
8. Aling sektor ng lipunan ang sumasaklaw sa mga pinapairal na batas, alituntunin at katarungan para sa pagkakapantay-pantay ng bawat isa – mahirap o mayaman?
- a. Simbahan
  - b. Pamahalaan
  - c. Paaralan
  - d. Komunidad

9. Ang pakikilahok sa *rally* ng mga grupong aktibista, pagsalungat sa hakbang ng gobyerno, pagpo-*post* ng bulgar na *memes* sa *social media*, paggawa ng mga sensitibong artikulo at pahayag laban sa gobyerno ay iilan sa mga halimbawa ng “*freedom of expression*”

Matatawag ba na mga halimbawa ng kabutihang panlahat ang nakasaad sa talata?

- a. Oo, dahil ito ay paglalabas lamang ng sariling hinaing laban sa gobyerno.
  - b. Oo, dahil mas mabilis na maiintidihan ng iba ang sariling hinaing laban sa gobyerno
  - c. Hindi, dahil naaapakan mo ang integridad at pagkatao ng iyong kapwa ng walang tamang basehan.
  - d. Hindi, dahil may hangganan ang *freedom of expression* at ang mga ito ay hindi naaayon sa karapatang pantao at mga pinapairal na batas.
10. Alin ang HINDI nagpapakita ng kabutihang panlahat?
- a. Pagbibigay ayuda sa mga piling pamilya at indibidwal na nabibilang lamang sa *low-income families* sa gitna ng *COVID-19 pandemic*
  - b. Pagbabawal ng pagtanggap sa mga *OFWs* na nais bumalik sa kanilang probinsya sa gitna ng *COVID-19 pandemic* sa hangaring maging ligtas ang ibang mamamayan.
  - c. Pamamahagi ng libreng konsultasyon, gamot at tulong-medikal sa lahat ng mamamayan sa bawat komunidad.
  - d. Pagbibigay ng libreng PhilHealth sa mga kwalipikadong *beneficiaries* na walang kakayahang magbayad ng *Health Insurance*.

## Aralin

# 1

## Sektor ng Lipunan: Salamin ng Pagkatao at Kabutihan

Sa dalawang taon mong pag-aaral ng Edukasyon sa Pagpapakatao, nagkaroon ka ng pagkakataong masuri ang iyong pananagutan sa sarili at sa iyong kapwa. Ngayong taon ay mamumulat ang iyong mga mata sa lipunang iyong ginagalawan. Napag-aralan mo sa asignaturang Araling Panlipunan ang maraming bagay tungkol sa lipunan, ang kahulugan nito, layunin at marami pang iba. Sa pagkakataong ito, mauunawaan mo ang pagkakaiba at pagkakaugnay nito sa aralin sa Edukasyon sa Pagpapakatao sa baitang na ito.



### **Balikan**

Kung natatandaan mo, iyong natutunan ang kahalagahan ng mga **Elemento Ng Kabutihang Panlahat** sa unang aralin. Ang *kabutihang panlahat* ay naaayon sa moralidad ng tao at *Likas na Batas Moral*.

Sa kasalukuyan, paano mo naipapakita ang paggalang sa iyong mga magulang o sa mga nakatatanda sa iyo? Nagagawa mo ba ang pagmamano at pagsagot ng may “po” at “opo”? Paano mo naipapakita na ikaw ay may paggalang sa iyong lipunang kinabibilangan? Sinusunod mo ba ang mga alituntunin at mga batas na pinairal ng ating pamahalaan? Sa anong paraan? Paano ka nakatutulong sa pagpapalaganap at pagpapanatili ng kapayapaan? Sa anu-anong paraan mo naipapakita ang mga gawaing ito?

Ito ang mga paraan upang mapatunayan mo na iyong isinasaalang-alang ang mga kabutihang panlahat.






## Tuklasin


### Gawain 1: Pagbuo ng Iskrip

Panuto: Gamit ang sumusunod na mga larawan, bumuo ng iskrip na naglalarawan ng kabutihan base sa iyong nakikita. Gumamit ng isang malinis na papel (bond paper).

SENARYO 1



SENARYO 2




SENARYO 3



<https://time.com/search/?q=http%3A%2F%2Ftime.com%2Fstock-illustration-builders-building-site-industrial-illustration-workers-crane-concrete-mixer-machine-machine-images&site=time>

SENARYO 4




[https://clipartlook.com/img-140629.html?fbclid=IwAR0fjArUvwYjQUxn-8QftX\\_5IFP9maVOXBmW4bmR-eV9ZHGxM9Wf8cReHqA](https://clipartlook.com/img-140629.html?fbclid=IwAR0fjArUvwYjQUxn-8QftX_5IFP9maVOXBmW4bmR-eV9ZHGxM9Wf8cReHqA)

SENARYO 5




<https://www.facebook.com/flx/warn/?u=http%3A%2F%2Ftime.com%2Fstock-illustration-illustration-demonstrating-crowd-peaceful-march-stylized-drawing-protest->

SENARYO 6



<https://www.clipart.email/clipart/church-family-clipart>



## ***Suriin***

Ngayon, ating susuriin at tatalakayin ang unang gawain na iyong ginawa – ang paggawa ng iskrip na binubuo ng ibat-ibang senaryo na nakapaloob sa mga elemento ng kabutihang panlahat.

### **Unang Senaryo**

Naglalarawan ng isang buong pamilya na kung saan ipinapakita ang paggabay ng mga magulang sa kanilang mga anak katulad ng pagtuturo ng mabubuting asal, pagtatama sa mga mali, pagpapaalala, at ang paghubog sa ating pagkatao.

### **Pangalawang Senaryo**

Tinutulungan ng guro ang isang mag-aaral. Ang paaralan ang pangalawang tahanan ng mga mag-aaral kung saan sila ay natututo at nagpapalago ng kaalaman. Tulad ng tahanan, ang paaralan ay isang institusyon na gumagabay sa mga estudyante upang mabuo ang kanilang mga pangarap kasabay sa paglinang ng kanilang ganap na pagkatao.

### **Pangatlong Senaryo**

***Kalakalan.*** Pagpapalago ng ekonomiya ng isang bansa. Ito ang dahilan sa pag-unlad ng ating komunidad sa tulong ng iba't ibang mangangalakal na tumutugon sa bawat pangangailangan ng mamamayan.

### **Pang-apat na Senaryo**

Pag-ibig sa kapwa ang siyang dahilan kung bakit tayo ay hindi napapagod na magbigay at mag-alay ng kung anumang mayroon tayo. Dito natin naipapamalas ang malasakit sa mas higit na nangangailangan. Tumutugon tayo sa hinaing ng mga nangangailangan kahit sa gitna ng unos.

### **Panglimang Senaryo**

***Hinaing ng masa.*** Ang bawat indibidwal ay may kanya-kanyang prinsipyong pinapairal. Sa pagkakaibang ito, ang pagtawag ng pansin sa ating pamahalaan ay siyang daan upang marinig ang ating boses at matugunan ng naaayon upang mapanatili ang kapayapaan at pagkakaisa.

### **Pang-anim na Senaryo**

***Pananampalataya.*** Magkakaiba man tayo ng paniniwala, ang ating pananampalataya ang gumagabay sa atin upang igalang ang iba pang paniniwala.

Halimabawa: Ang pagkakaiba ng relihiyon ay hindi hadlang sa pagkamit ng pagkakaisa at paggalang sa kapwa.

**“Walang sinuman ang nabubuhay para sa sarili lamang”.** Kinakailangan ng taong makibahagi at mamuhay sa **LIPUNAN**.

Ayon kay Dr. Manuel Dy Jr., isang propesor ng Pilosopiya, ang buhay ng tao ay **panlipunan**.

Ano ang iyong sariling opinyon ukol sa mga katagang ito:

*“Binubuo ng TAO ang LIPUNAN,  
Binubuo ng LIPUNAN ang TAO”*

Ipinapahiwatig ng mga katagang ito na walang lipunang mabubuo kung wala ang mga tao dahil saklaw ng lipunan ang mga taong nasasakupan nito. Kinakailangan ng taong makibahagi at mamuhay sa lipunan.

Ano nga ba ang **Lipunan**?

### **LIPUNAN**

- nagmula sa salitang ugat na “lipon” na nangangahulugang pangkat
- Ang mga tao ay may kinabibilangang pangkat na mayroong iisang tunguhin o layunin.

Ano naman ang **Komunidad**?

### **KOMUNIDAD**

- nagmula sa salitang Latin na communis
- common o nagkakapareho
- binubuo ng mga indibidwal na nagkakapareho ng mga interes, ugali, o pagpapahalaga na bahagi ng isang partikular na lugar
- mas nabibigyang-halaga ang natatanging katangian ng mga kasapi o kabahagi

Ano ang **Kabutihang Panlahat**?

- Ito ay ang kabutihan para sa bawat isang indibidwal na nasa lipunan.
- Ito ang pangkalahatang kondisyong pantay na ibinabahagi para sa kapakinabangan ng lahat ng kasapi ng isang lipunan.
- Ito ay tumutukoy sa kabutihang naaayon sa moralidad ng tao, sa Likas na Batas Moral.

Napapansin mo ba kung ano na ang nangyayari sa ating lipunan? Maraming mga bagay na hindi nagkakasundo o nagkakaroon ng alitan hindi lamang sa ating bansa kundi maging sa buong mundo. Paano ba makakamit at mapananatili ang kabutihang panlahat? Bakit mahalagang ito ay makamit at mapanatili?

Nakahanda ka na bang makaalam at makialam sa lipunang iyong ginagalawan? Kung gayon, nakahanda na ang mga gawain para sa iyo.

Simulan mo na!



## Pagyamanin

### Gawain 1: Paghahanay

Panuto. Hanapin sa HANAY B ang tinutukoy sa HANAY A.

#### HANAY A

- a. paaralan
- b. simbahan
- D. pamilya
- E. mga negosyo
- F. pamahalaan
- G. lipunan
- H. institusyon
- I. pakikipagkapwa-tao
- J. kabutihan
- K. respeto

#### HANAY B

- a. batas
- b. magulang
- c. paniniwala
- d. pangkat ng tao
- e. malasakit sa iba
- f. kaalaman
- g. ekonomiya
- h. organisasyon
- i. pagbigay-galang
- j. malinis na kalooban

### Gawain 2: Photo Collage

Panuto:

- A. Bumuo ng photo collage na naglalarawan ng kabutihang panlahat gamit ang *recyclable materials* sa isang cartolina.
- B. Ipaliwanag ang mensahe ng iyong awtput at anong aral ang naidudulot nito sa iyo at sa kapwa mo mag-aaral.

Pamantayan	5	7	10
Pagkamalikhain	Hindi naging malikhain sa pagbuo ng collage	Naging malikhain sa pagbuo ng collage	Lubusang nagpamalas ng pagiging malikhain sa pagbuo ng collage
Kaangkupan sa paksa	Hindi angkop ang nabuong collage	Angkop ang ilang bahagi ng collage	Lubusang napakaangkop ng nabuong collage
Presentasyon	Hindi naging malinaw ang intensyon o detalyeng ipinahayag ng collage	Naging malinaw ang intensyon o detalyeng ipinahahayag ng collage	Lubusang malinaw ang intensyon o detalyeng ipinahahayag ng collage
Mensahe	Hindi angkop ang mensaheng ipinahahatid ng collage	Angkop ang mensaheng ipinahahatid ng collage	Lubusang angkop na angkop ang mensahe ng collage
Kalinisan at Kaayusan	Di malinis at maayos ang pagkakabuo ng collage	Naging malinis at maayos ang pagkakabuo ng collage	Lubusang napakalinis at maayos ang pagkakaguhit ng collage

### Gawain 3: Puno ng Kabutihang Panlahat

Panuto:

- A. Lagyan ng angkop na salita ang mga parte ng puno gamit ang mga elemento ng kabutihang panlahat. Gumamit ng malinis na papel (bond paper).
- B. Bigyan ng interpretasyon ang iyong ginawa.

#### Puno ng Kabutihan



[https://www.facebook.com/fix/warn/?u=http%3A%2F%2Fgetdrawings.com%2Ftree-with-roots-drawingodLidP4CBVDv-j8G7Bcf\\_9lg](https://www.facebook.com/fix/warn/?u=http%3A%2F%2Fgetdrawings.com%2Ftree-with-roots-drawingodLidP4CBVDv-j8G7Bcf_9lg)

Pamantayan	Napakahusay 10	Mahusay 7	Nalilinigang 5
Nilalaman- 20% May tuwirang kaugnayan sa paksa Buo ang diwa Magkakaugnay Makatotohanan	Nagpamalas ng 4 mula sa 4 na pamantayan	Nagpamalas ng 3 mula sa 4 na pamantayan	Nagpamalas ng 2 mula sa 4 na pamantayan
Pagbibigay ng interpretasyon- 10%	Napakahusay at napakaangkop sa diwa ng nilalaman ang pagpapakahulugan/interpretasyon	Mahusay at angkop sa diwa ng nilalaman ang pagpapakahulugan/interpretasyon	Hindi mahusay at hindi angkop sa diwa ng nilalaman ang pagpapakahulugan/interpretasyon

### Gawain 4: Journal Writing

Isulat sa Journal:

Paano makakamit at mapananatili ang kabutihang panlahat? Bakit mahalagang ito ay makamit at mapanatili?

Pamantayan	3	5	7	10
Organisasyon	Hindi maayos ang organisasyon ng mga ideya at walang panimula at konklusyon	May lohikal na organisasyon ngunit hindi masyadong mabisa ang panimula at konklusyon	Maayos ang organisasyon pagkakabuo ng talata na may angkop na simula at konklusyon	Mahusay ang pagkakasunod-sunod ng mga ideya sa kabuuan ng talata, mabisa ang panimula at malakas ang konklusyon.

Lalim ng Pagmuni-muni	Napakababaw na walang pag-uugnay ang dati at bagong kaalaman	Mababaw at hindi gaanong nakikita ang pag-uugnayan ng dati sa bagong kaalaman	Malalim na nakikita ang pag-uugnayan ng dati sa bagong kaalaman	Napakalalim na nakikita ang pag-uugnayan ng dating kaalaman at karanasan sa bagong kaalaman
Paggamit ng Wika at Mekaniks	Kailangang baguhin dahil halos lahat ng pangungusap ay may mali sa grammar, baybay at gamit ng bantas	Maraming mali sa grammar, baybay at gamit ng bantas	Mahusay dahil kakaunti lamang ang mali sa grammar, baybay at gamit ng bantas	Napakahusay dahil walang mali sa grammar, baybay at gamit ng bantas
Presentasyon	Mahirap basahin dahil hindi maayos at malinis na pagkakasulat	May kahirapang unawain ang pagkakasulat ng pangungusap	Malinis ngunit hindi lahat ay maayos ang pagkakasulat ng mga pangungusap	Malinis at maayos ang pagkakasulat ng talata




## ***Isaisip***

Bilang mag-aaral, ano ang pinakamahalagang mensahe ang nahinuha at naipamalas mo mula sa aralin?

Ang ating pagiging kasama-ng-kapwa ay isang pagpapahalaga na nagbibigay ng tunay na kaganapan sa ating pagkatao. Makakamit lamang ito kung makikilahok at makikipamuhay ka sa kapwa.

Ang pagsisikap ng bawat tao na makamit at mapanatili ang kabutihang panlahat sa pamamagitan ng pagsasabuhay ng moral na pagpapahalaga ay mga puwersang magpapatatag sa ating lipunan. Ang lahat ng aspektong ito ay tumutulong sa paghuhubog at pagbabago ng ating pagkatao. Ang lipunan na ating kinalalakihan ang siyang humuhubog sa ating pagkatao.





## **Isagawa**

### **Pagsasagawa ng Survey**

Pumili ng isa sa mga sektor ng lipunan upang makapagsagawa ng isang survey tungkol sa mga suliraning kinakaharap ng komunidad o pamayanan.

- Paaralan
- Simbahan
- Pamilya
- Mga Negosyo
- Pamahalaan

Ang suliranin ay maaaring pangkapaligiran, pangkapayapaan, pangkaayusan, o pang-edukasyon.

Magsagawa ng pagtatanong sa mga naninirahan sa komunidad o pamayanan kung ano ang kanilang nakikitang suliranin sa paligid.

Mahalagang isama ang mga namumuno sa napiling sektor sa isasagawang survey.

- A. Matapos maglaan ng panahon sa pangangalap ng datos ay gumawa ng pangkalahatang ulat ukol sa naging resulta ng survey.

Pumili ng tatlo sa mga nakalap at iantas ang mga ito batay sa inyong kahalagahan. Magbigay ng tatlong pangunahing suliranin.

1. Isulat ang kabuuang survey sa malinis na papel.
2. Ipasa ang resulta ng survey sa guro.

Pamantayan sa Pagwawasto:

Nilalaman	- 50%
Katuturan/ Kaangkupan	- 20%
Organisasyon	- 20%
Kaayusan/Kabuuang Presentasyon	- <u>10%</u>
	100%

Mahalagang isaalang-alang ang pagsunod sa mga pangunahing protokol ng kalusugan para maging ligtas sa peligrong pagkahawa sa COVID-19 sa pagsasagawa ng survey.



## **Tayahin**

PANUTO: Basahing mabuti ang bawat pangungusap at unawain ang tanong. Piliin ang pinakaangkop na sagot at isulat ang titik nito sa sagutang papel.

1. Alin ang HINDI hadlang sa pagkamit ng kabutihang panlahat?
  - a. Paggawa ng tao ayon sa kaniyang pansariling hangad
  - b. Pagkakaroon ng pakiramdam na mas malaki ang naiiambag ng sarili kaysa sa nagagawa ng iba
  - c. Pakikinabang sa benepisyong hatid ng kabutihang panlahat at pagbabahagi para sa pagkamit nito
  - d. Pagkakait ng tulong para sa kapwa na nangangailangan
  
2. Ano ang pagkakaiba ng lipunan sa komunidad?
  - a. Sa lipunan, ang nangingibabaw ay ang iisang tunguhin o layunin samantalang sa komunidad ang mahalaga ay ang pagkakabukod-tangi ng mga kabilang nito.
  - b. Sa lipunan, ang pangkat ng mga tao ay may nagkakaisang interes, mithiin at pagpapahalaga samantalang sa komunidad, ang namumuno ang nagbibigay ng direksyon sa mga taong kasapi nito.
  - c. Sa lipunan, ang namumuno ay inatasan ng mga mamamayan na kamtin ang mithiin ng mga kasapi nito samantalang sa komunidad, ang mga tao ang nararapat na manaig sa pagkamit ng kanilang mga mithiin.
  - d. Sa lipunan, mas malaking pamahalaan ang nakasasakop samantalang sa komunidad ay mas maliit na pamahalaan.
  
3. Paano nakaaapekto sa buhay ng tao ang lipunang kanyang kinabibilangan?
  - a. Ang lipunan ay nakatutulong sa pagbubuo ng pagkatao.
  - b. Ang tao ay hinuhubog ayon sa lipunang kaniyang kinabibilangan.
  - c. Ang tao kailanman ay hindi naaapektuhan ng lipunan.
  - d. Ang lipunan ay walang kontribusyon sa paghubog ng pagkatao.
  
4. Alin ang HINDI nagpapakita ng halimbawa ng kabutihang panlahat?
  - a. Pakikipagkapwa-tao
  - b. Pagbibigayan
  - c. Panghuhusga
  - d. Paggalang
  
5. Ang bawat sektor ng lipunan ay nakaaapekto sa paghubog ng isang tao.  
Aling sektor ang nakaaapekto sa kaalaman ng tao?
  - a. pamahalaan
  - b. paaralan
  - c. simbahan
  - d. ekonomiya

6. Si Gwen ay mahilig magpopost sa *social media* sa tuwing siya ay nagbibigay donasyon sa mga mahihirap na mga kababayan para maipagmalaki na siya ay mayaman at maipakita na siya ay tumutulong sa mga mahihirap.

Sang ayon ka ba sa ginawa ni Gwen?


- A. Oo, dahil may karapatan si Gwen na ipakita sa buong mundo ang kaniyang ginagawang pagtulong.
- B. Oo, upang magkaroon ng malaking utang na loob ang mga tao kaniya.
- C. Hindi, dahil ang pagtulong sa kapwa ay dapat bukal sa puso at hindi pagpapakitang tao lamang.
- D. Hindi, dahil pagpapasikat lamang ang kaniyang mga ginagawang pagtulong.

7. Ang pakikilahok sa *rally* ng mga grupong aktibista, pagsalungat sa hakbang ng gobyerno, pagpo-*post* ng bulgar na *memes* sa social media, paggawa ng mga sensitibong artikulo at pahayag laban sa gobyerno ay iilan sa mga halimbawa ng "*freedom of expression*"

Matatawag ba na mga halimbawa ng kabutihang panlahat ang nakasaad sa talata?

- a. Oo, dahil ito ay paglalabas lamang ng sariling hinaing laban sa gobyerno.
  - b. Oo, dahil mas mabilis na maiintidihan ng iba ang sariling hinaing laban sa gobyerno
  - c. Hindi, dahil naapakan mo ang integridad at pagkatao ng iyong kapwa ng walang tamang basehan.
  - d. Hindi, dahil may hangganan ang *freedom of expression* at ang mga ito ay hindi naaayon sa karapatang pantao at mga pinapairal na batas.
8. Alin ang HINDI nagpapakita ng kabutihang panlahat?
- a. Pagbibigay ayuda sa mga piling pamilya at indibidwal na nabibilang lamang sa *low-income families* sa gitna ng *COVID-19 pandemic*
  - b. Pagbabawal ng pagtanggap sa mga *OFWs* na nais bumalik sa kanilang probinsya sa gitna ng *COVID-19 pandemic* sa hangaring maging ligtas ang ibang mamamayan.
  - c. Pamamahagi ng libreng konsultasyon, gamot at tulong-medikal sa lahat ng mamamayan sa bawat komunidad.
  - d. Pagbibigay ng libreng PhilHealth sa mga kwalipikadong *beneficiaries* na walang kakayahang magbayad ng *Health Insurance*.

9. Sa tahanan natin unang natutunan ang tamang asal at pag-uugali. Alin ang nagpapakita ng tamang kabutihang panlahat sa tahanan at pamilya?
- Pagpalo at pagpaparusa sa anak upang matuto sa pagkakamali.
  - Pagtatanim ng sama ng loob sa magulang dahil napagalitan.
  - Pagsunod sa utos at payo ng mga magulang na may paggalang.
  - Pagsunod sa mga ipinag-uutos habang nagdadabog at nagmamaktol.
10. Aling sektor ng lipunan ang sumasaklaw sa mga pinapairal na batas, alituntunin at katarungan para sa pagkakapantay-pantay ng bawat isa – mahirap o mayaman?
- simbahan
  - pamahalaan
  - paaralan
  - komunidad




### **Karagdagang Gawain**

Kasunduan:

- Magsaliksik: Sumulat ng maikling paglalarawan ng bawat isang institusyon o sektor ng lipunan na naitala sa ibaba.
  - paaralan
  - simbahan
  - mga negosyo
  - pamahalaan
- Magsulat ng maikling paglalarawan ng bawat institusyon o sektor ng lipunan na naitala sa itaas.
  - Ano ang layunin ng bawat sektor?
  - Ano ang kontribusyon nito sa lipunan?
  - Ano ang nakikitang tunguhin ng mga ito sa kasalukuyan at ang kalagayan nito sa ating bansa?
  - Ano ang nagiging implumensya nito sa mga mamamayan at naiaambag na tulong sa pag unlad ng ating lipunan?
  - Paano makakatulong ang mga sektor na ito ng lipunan sa pagkamit ng kaganapan ng iyong pagkatao?

### **Pamantayan sa Pagwawasto:**

Nilalaman	- 50%
Katuturan/ Kaangkupan	- 20%
Organisasyon	- 20%
Kaayusan/Kabuuang Presentasyon	- <u>10%</u>
	100%



## ***Susi sa Pagwawasto***

**Tayahin**

A.	c
B.	b
C.	a
D.	c
E.	c
F.	c
G.	d
H.	a
I.	b

**Pagyamanin**

A.	f
B.	c
C.	b
D.	g
E.	a
F.	d
G.	h
H.	e
I.	j
J.	i

# Sanggunian

## Mga Aklat:

“Edukasyon Sa Pagpapakatao 9 Modyul Para Sa Mag-Aaral.” Kagawaran ng Edukasyon, 2015. • Unang Edisyon 2015, DepEd, pahina 1-20.

## Mga Larawan, hinango sa:

[\[https://l.facebook.com/l.php?u=http%3A%2F%2F6.crushpixel.com%2Fstock-vector%2Fteacher-handle-angry-boy-class-1168714html%3Ffbclid%3DIwAR33nAUyF2e\\\_fuM-\]\(https://l.facebook.com/l.php?u=http%3A%2F%2F6.crushpixel.com%2Fstock-vector%2Fteacher-handle-angry-boy-class-1168714html%3Ffbclid%3DIwAR33nAUyF2e\_fuM-\)](https://l.facebook.com/l.php?u=http%3A%2F%2Ftime.com%2Fparent-comforting-their-daughter-mother-father-caring-child-happy-family-relationship-vector-illustration-parents-image162028436%3Ffbclid%3DIwAR3Z-UZ-us7fMI2RO-5rr-V8CJuCJCu8JtsVLPO8oALDRrMXTjLNI-yj_U&h=AT3WTVKyS1TFC-uNWPPvWSfTymHf7DxzuWti7L55YvPSXZ2CAhFkxnQkyzUEIGjqCctgzJgWm2C0mxh5sj81Kq1dByJ1Zsk92xnDzWs8_ET10wBRECJa98fHuxTDQtON2-yiT5KRHUhCW_KcDoowqA, n.d.</a></p></div><div data-bbox=)

[\[\\[\\\[\\\\[18\\\\]\\\\(https://l.facebook.com/l.php?u=http%3A%2F%2Ftime.com%2Fstock-illustration-illustration-demonstrating-crowd-peaceful-march-stylized-drawing-protest-image92712680%3Ffbclid%3DIwAR0ymIF6b\\\\_6\\\\_sAUyayQcg\\\\_U6n8gj6sWeBeEuFiPEHmeSkltN8\\\\_m8nGCtK0&h=AT1Cz7i4vrLPH61Hy6fSCmXvrzjOrwr-5ONEtYC2W5lurnBLYTr2L9aI5vXe\\\\_Hx4ldcGNRhWKKoBkHdv2gu4zMW14XxecWMFUg4Ia\\\\_nnpfOLZFer37EfLEvN7ewk5z6gW8-UeBKF27qwt1Z8JXCJ1w, n.d.</a></p></div><div data-bbox=\\\\)\\\]\\\(https://l.facebook.com/l.php?u=http%3A%2F%2FClipartlook.com%2Fimg-140629.html%3Ffbclid%3DIwAR0fjArUvwYjQUxn-8QftX\\\_5IFP9maVOXBMw4bmR-eV9ZHGxM9Wf8cReHqA&h=AT3WTVKyS1TFC-uNWPPvWSfTymHf7DxzuWti7L55YvPSXZ2CAhFkxnQkyzUEIGjqCctgzJgWm2C0mxh5sj81Kq1dByJ1Zsk92xnDzWs8\\\_ET10wBRECJa98fHuxTDQtON2-yiT5KRHUhCW\\\_KcDoowqA, n.d.</a></p></div><div data-bbox=\\\)\\]\\(https://l.facebook.com/l.php?u=http%3A%2F%2Ftime.com%2Fstock-illustration-illustration-demonstrating-crowd-peaceful-march-stylized-drawing-protest-image92712680%3Ffbclid%3DIwAR0ymIF6b\\_6\\_sAUyayQcg\\_U6n8gj6sWeBeEuFiPEHmeSkltN8\\_m8nGCtK0&h=AT1Cz7i4vrLPH61Hy6fSCmXvrzjOrwr-5ONEtYC2W5lurnBLYTr2L9aI5vXe\\_Hx4ldcGNRhWKKoBkHdv2gu4zMW14XxecWMFUg4Ia\\_nnpfOLZFer37EfLEvN7ewk5z6gW8-UeBKF27qwt1Z8JXCJ1w, n.d.</a></p></div><div data-bbox=\\)\]\(https://l.facebook.com/l.php?u=http%3A%2F%2FClipart.email%2FClipart%2Fchurch-family-clipart-4511.html%3Ffbclid%3DIwAR0AcACbcRxyGT0DHx28QaJeHx6eLZgi6BcfzrGTT-H-TWL5U-OOvpP5do&h=AT3WTVKyS1TFC-uNWPPvWSfTymHf7DxzuWti7L55YvPSXZ2CAhFkxnQkyzUEIGjqCctgzJgWm2C0mxh5sj81Kq1dByJ1Zsk92xnDzWs8\_ET10wBRECJa98fHuxTDQtON2-yiT5KRHUhCW\_KcDoowqA, n.d.</a></p></div><div data-bbox=\)](https://l.facebook.com/l.php?u=http%3A%2F%2Ftime.com%2Fstock-illustration-builders-building-site-industrial-illustration-workers-crane-concrete-mixer-machine-machine-images53120111%3Ffbclid%3DIwAR1t4NvZwmhznMvm2f1BJwqhkz5Ba7NiY2oB-1zb6BttgokruZceyilNl&h=AT3WTVKyS1TFC-uNWPPvWSfTymHf7DxzuWti7L55YvPSXZ2CAhFkxnQkyzUEIGjqCctgzJgWm2C0mxh5sj81Kq1dByJ1Zsk92xnDzWs8_ET10wBRECJa98fHuxTDQtON2-yiT5KRHUhCW_KcDoowqA, n.d.</a></p></div><div data-bbox=)

TTmSpVR11ENyTT138T-vwxojndlClOxk1Y-  
z6sHvXOBvXwEepHX2REDc5WXBhHig9FTCQW, n.d.

[https://l.facebook.com/l.php?u=http%3A%2F%2FGet.drawings.com%2Ftree-with-roots-drawing%3Ffbclid%3DIwAR1T-amBCI8XeZhmwagxxKI0xW5ISmgIH1EhUKK4w\\_0943HXyiHK5HNNfOE&h=AT3WTVKyS1TFC-uNWPPvWSfTymHf7DxzuWti7L55YvPSXZ2CAhFkxnQkyzUEIGjqCctgzJgWm2C0mxh5sj81Kq1dByJ1Zsk92xnDzWs8\\_ET10wBRECJa98fHuxTDQtON2-yiT5KRHUhCW\\_KcDoowqA](https://l.facebook.com/l.php?u=http%3A%2F%2FGet.drawings.com%2Ftree-with-roots-drawing%3Ffbclid%3DIwAR1T-amBCI8XeZhmwagxxKI0xW5ISmgIH1EhUKK4w_0943HXyiHK5HNNfOE&h=AT3WTVKyS1TFC-uNWPPvWSfTymHf7DxzuWti7L55YvPSXZ2CAhFkxnQkyzUEIGjqCctgzJgWm2C0mxh5sj81Kq1dByJ1Zsk92xnDzWs8_ET10wBRECJa98fHuxTDQtON2-yiT5KRHUhCW_KcDoowqA), n.d.

**Para sa mga katanungan o puna, sumulat o tumawag sa:**

Department of Education - Bureau of Learning Resources (DepEd-BLR)

Ground Floor, Bonifacio Bldg., DepEd Complex  
Meralco Avenue, Pasig City, Philippines 1600

Telefax: (632) 8634-1072; 8634-1054; 8631-4985

Email Address: [blr.lrqad@deped.gov.ph](mailto:blr.lrqad@deped.gov.ph) \* [blr.lrpd@deped.gov.ph](mailto:blr.lrpd@deped.gov.ph)